Original taken by Atty. ... as evidence in the Crim. Case entitled KBMBPM ... et al. CC-881702

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

PINATUTUNAYANG TUNAY NA SIPI MULA SA ORIHINA

SANGGUNIANG BAYAN

RECORDS
RECEIVED ON: 12-13-90
TIME: 1:10 PM BY: ...

KAPASIYAHAN BILANG 45

KAPASIYAHAN NA IPINAHAHAYAG ANG PAGPAPAWALANG BISA SA KONTRATA UPANG MANGASIWA AT MAGPALAKAD NG BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA NILAGDAAN NOONG IKA-2 NG SEPTYEMBRE, 1985; BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN NA GUMAWA NG HAKBANG NA ALINSUNOD SA BATAS AT IBA PANG MGA PARAAN NA KARAPAT-DAPAT UPANG KAGYAT NA MAKUHA ANG PANGANGASIWA AT PAMAMALAKAD NG PALENGKE; AT INAATASAN ANG PAGDIDIKIT NG KAPASIYAHANG ITO SA BAWA'T PUWESTO O TINDAHAN AT SA IBA PANG LANTAD O HAYAG NA LUGAR SA LOOB NG NASASAKUPAN NG PALENGKE.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ang siyang may-ari ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, bilang may-ari, ang Pamahalaang Bayan, sa pamamagitan ng dating Punong Bayan Santiago V. Carlos,Jr., ay pumasok sa isang kontratang pagpapaupa ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa na kinakatawan ng General Manager ng Kilusang Bayan sa Paglilingkod ng mga Magtitinda ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa, Inc.(KBPBPM) na si G. Amado G. Perez noong Septyembre 2, 1985;

SAPAGKAT, ayon sa kontrata, ang palengke ay pauupahan sa KBPBPM sa loob ng dalawampu't limang (25) taon at mauulit sa loob din ng nasabing bilang ng taon at itinatadhanang buwanang upa sa halagang TATLUMPU'T LIMANG LIBONG PISO (₱35,000) at mayroon lamang na sugnay na pagtaas na SAMPUNG BAHAGDAN (10%) para sa unang limang taon simula ng pagkabisa ng kontrata;

SAPAGKAT, sa sandali ng pag-upo ng kasalukuyang administrasyon noong 1986 at ang pagbabalik ng Sangguniang Bayan nitong bagong taon ay gumawa ng pagsisiyasat at pagrerepaso sa nasabing kasunduan at hinihiling ang opinyon ng nakatataas na ahensiya ng gobyerno kasama na rito ang Metropolitan Manila Commission (MMC) at Commission on Audit (COA) hinggil sa katumpakan o bisa ng kontrata;

SAPAGKAT, bilang kasagutan, ang COA sa pamamagitan ni Chairman Eufemio C. Domingo sa isang liham noong Marso 14, 1988 ay "itinatagubilin ang madalian at angkop o wastong pamamaraan alinsunod sa batas ng MMC para sa pagpapawalang bisa ng nasabing kontrata upang mapangalagaan ang kapakanan ng gobyerno";

SAPAGKAT, ang MMC, sa pamamagitan ni Pansamantalang Gobernador Elfren S. Cruz sa isang liham noong Mayo 5, 1988 ay gumawa ng pagsisiyasat at natuklasang ang nasabing kontrata ay di-timbang o may kinikilingan, disbentahado o hindi makabubuti at makabibigat sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na kung saan ang pagkakatuklas ay pinatotohanan ni Kgg. Eufemio C. Domingo, Chairman, Commission on Audit sa kanyang liham noong Marso 14, 1988 at nagsasaad na "sa pamamagitan nito, itong komisyon ay pinahihintulutan ang Pamahalaang Bayan na gumawa ng paraan na aayon sa batas para sa pagpapawalang bisa ng nasabing kontrata at gumawa ng representasyon sa KBPMBPM para sa mabilisang paglipat/pagsalin ng pag-aari/pamamahala at pagpapalakad ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan, sa hangad na makuha ang lahat ng panig sa pinagtatalunan ay nagpasiya na bigyan ang KBPMBPM ng pagkakataon na pabulaanan ang ginawang pagpapasiya at rekomendasyon ng COA at MMC sa pamamagitan ng pag-iimbita sa General Manager ng Kooperatiba na si G. Amado G. Perez sa kanilang panglabing-anim na pangkaraniwang pulong noong Hunyo 6, 1988;

SAPAGKAT, upang lalong maliwanagan at mapag-aralan ang mga bagay-bagay sa kaso, ang Sangguniang Bayan ay inaanyayahan din sa isang pulong ang kontraktor na gumawa ng gusali sa palengke at isang miyembro ng Kooperatiba na tumestigo doon sa paksa at ilang miyembro ng lupon ng Kooperatiba na hindi dumalo sa paanyaya; Hiniling din ang ilang mahalagang dokumento na ipinangako ng General Manager, G. Amado G. Perez sa kapulungan tulad ng "annual financial statement", "monthly gross income", Report of giving of dividends/Patronage refunds to members of the cooperative", at iba pa, ngunit ito ay tinanggihan at hindi isinumite;

SAPAGKAT, matapos ang malawak at masusing mag-aaral at mga pagtatalo sa nasabing paksa, ang Sangguniang Bayan ay dumating sa sumusunod na konklusiyon o kapasiyahan na :

1. Sa ilalim ng Local Government Code, isa sa kapangyarihan at tungkulin ng Sangguniang Bayan na sinasaad sa Sek.149 (3) na: "When any ferry, market or slaugtherhouse belonging to a municipality is to be leased to a private party, it shall be awarded to the highest bidder for a period of not less than one year but not exceeding five years. The lease may be renewed for a period not exceeding the original lease and under such terms as the Sangguniang Bayan may impose".

2. Base sa isinaad na probisyon sa itaas, ang kontrata ng pagpapaupa ay isang maliwanag na paglabag kung isasaalang-alang ang mga sumusunod:

   a. Ang panahon ng pagpapaupa sa loob ng dalawampu't limang (25) taon ay lagpas sa pinahihintulutang pinakamahabang panahon na limang (5) taon na siyang itinatakda;

   b. Na ang ginawang pagpasok sa kontrata ng dating administrayon ay lagpas sa kapangyarihan nito sapagkat sa panahon ng ang kontrata ay ginawa, ang Pamahalaang Bayan ay mayroon lamang na labing apat (14) na taong natitira upang tamasahin ang kanyang "usufructuary rights" sa nasabing lugar;

   c. Walang tawaran o pagsusubasta ang nangyari upang paupahan ang Pamilihang Bayan.

3. Ang buwanang upa sa halagang TATLUMPU'T LIMANG LIBONG PISO (₱35,000) ay ipinalalagay na kapuna-puna at maliwanag na makakasama at disbentahado sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at nakapipinsala sa pinaka-

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kpasiyahan Bilang 45

mahalagang layunin nito sa mamamayan kung isasaalang-alang na:

A. Ang Pamahalaang Bayan ay gumastos ng TATLUMPU'T LIMANG MILYON LIMAMPU'T DALAWANG LIBO, TATLONG DAAN LABING LIMANG PISO AT SIYAMNAPU'T PITONG SENTIMO (₱35,052,315.97) na nagsasaad ng halaga ng konstruksiyon o paggawa ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa na pinatutunayan ng dating Ingat-yaman G.Norberto San Mateo.

B. Ang kooperatiba ay kumikita ng LIMANG DAANG LIBONG PISO (₱500,000) kabuuang halaga buwan-buwan base sa pahayag ni G. Perez noong siya ay maging panauhin ng Sangguniang Bayan;

C. Pagkatapos na mapagkasunduan na uupahan ang buong palengke ay pinaupahan naman ng Kooperatiba ang ikalawang palapag na ginawang sinehan sa halagang LIMAMPUNG LIBONG PISO (₱50,000) bawat buwan;

D. Ang upa sa palengke ay isa sa pangunahing pinagkakakitaan ng buwis ng Pamahalaang Bayan na isinasaad sa PD.231 ng Local Tax Code.

4. Ang kontrata ay ginawa ng walang pahintulot ang Metropolitan Manila Commission sa ilalalim ng PD. 824.

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila na ipahayag ang kontrata ng pangangasiwa at pagpapalakad ng Bagong Pamilihang Bayan ng Muntinlupa na nilagdaan noong Septyembre 2, 1985 ay pinawawalang bisa, sa pamamagitan ng mga nabanggit na paliwanag at kadahilanan;

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na binibigyan ng karapatan ang Punong Bayan na gumawa ng lahat ng kaukulang hakbang na naaayon sa batas at iba pang paraan na karapat-dapat upang madaliang makuha ang pangangasiwa at pamamalakad sa palengke at ang pag-aatas ng paglalagay ng kopya ng kapasiyahan sa lahat ng puwesto o tindahan sa palengke at sa iba pang hayag o lantad na lugar sa loob ng nasasakupan ng palengke; ang pagtatanggal ng kopya ng Kapasiyahan na nakadikit sa lahat ng puwesto/tindahan at sa lahat ng mga lugar na hayag o lantad sa nasasakupan ng palengke ay mahigpit na pinagbabawal.

KUNG may bahagi sa Kapasiyahan na masasaad na labag sa batas, ang bahaging ito lamang ang ipawawalang bisa at ang matitira ay ipaiiral at ipatutupad.

PINAGTITIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampu't apat (24th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-1 ng Agosto, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

pahina 4 -

Kapasiyahan Bilang 45

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

MGA SUMANG-AYON:

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

PINAGTIBAY: Agosto 1, 1988

1163